



# Checklist ng Pagpapatupad sa Ordinansa sa Disposable na Foodware

Na-update noong: 6/21/2022

Gamitin ang checklist sa ibaba para magsimula sa pagpapatupad sa mga bagong pag-aatas ng **Modelong Ordinansa sa Disposable na Food Service Ware ng County ng San Mateo** (Ordinansa) sa iyong pasilidad ng pagkain.

## **Hakbang 1: Maging pamilyar sa mga pag-aatas ng Ordinansa**

- Basahin ang Buod ng Ordinansa ng County (na available sa [English](#) / [Spanish](#) / [Chinese](#) / [Tagalog](#)) at ang Buod ng Talahanayan (na available sa [English](#) / [Spanish](#) / [Chinese](#) / [Tagalog](#)).
- Basahin ang mga pag-aatas sa ordinansa sa foodware ng [iyong lokal na hurisdiksyon](#) at petsa ng pagsisimula ng pagpapatupad. Tingnan kung may anumang kaibahan mula sa Ordinansa ng County.
- Palaging bisitahin ang [website ng Foodware Aware Program](#) ng County para makakuha ng mga update sa halimbawang listahan ng mga nakakasunod na foodware, listahan ng mga foodware na pansamantalang hindi nangangailangang makatugon sa mga piling pag-aatas, at iba pang nauugnay na impormasyon. Puwede ka ring mag-subscribe sa mga e-alert para manatili kang updated sa mga update sa hinaharap [dito](#).

## **Hakbang 2: Palitan ang mga hindi nakakasunod na disposable na foodware**

- Simulang ubusin ang mga dati mo nang stock ng mga hindi nakakasunod na disposable na foodware, gaya ng mga plastic na clamshell at baso at naka-bundle na accessory packet (halimbawa, mga packet na may kubyertos at tissue) .
- Sumangguni sa gabay sa Pagbili para makakita ng [mga halimbawa ng mga nakakasunod na disposable na foodware](#). Mag-order ng mga sample mula sa kasalukuyan mong distributor o sa [mga bagong distributor](#) at subukan ang mga item para malaman kung nakakatugon ang mga ito sa iyong mga pangangailangan.

## **Hakbang 3: Gawin ang mga kinakailangang pagbabago sa pagbibigay mo ng mga single-use na foodware accessory**

- Magdagdag ng content sa iyong mga menu (digital at naka-print) para ipaliwanag sa mga customer na magbibigay lang ng mga single-use na accessory (hal. straw, napkin, stirrer, condiment packet, atbp.) kapag may humingi at/o sa mga dispenser na paisa-isa mag-dispense ng item.
- Magdagdag ng mga opsyon sa iyong mga digital na online na platform sa pag-order ng pagkain (hal., Door Dash, UberEats, Grubhub, etc.) para sa paghingi ng mga customer ng bawat uri ng accessory (hal., bawat tinidor, bawat kutsara, mga uri ng mga condiment, tissue, atbp.). Pakitandaang hindi pinapayagang mag-bundle ng mga accessory.

## **Hakbang 4: Sanayin ang Mga Staff**

- Sanayin at bigyang-kaalaman ang iyong mga staff sa mga pangunahing elemento ng Ordinansa, lalo na kaugnay ng pagbibigay ng mga accessory kapag may humingi lang at/o sa mga dispenser, at kung paano makipag-ugnayan sa mga customer tungkol sa mga bagong pag-aatas. Ibahagi ang Gabay ng Empleyado sa Ordinansa sa Foodware sa iyong mga staff bilang bahagi ng pagsasanay (na available sa [English](#) / [Spanish](#) / [Chinese](#) / [Tagalog](#)).

#### **Hakbang 5: Abisuhan ang Publiko**

- Mag-download, mag-print, at maglagay ng:
  - [Table tent](#) malapit sa iyong cash register para visual na maalerto ang iyong mga consumer na magbibigay lang ng mga single-use na accessory o side item kapag may humingi (na available sa English/Spanish at Chinese/Tagalog - i-click ang link sa itaas).
  - [Table tent](#) sa iyong (mga) dispenser para visual na maalerto ang mga consumer na mga kailangan lang nila ang kunin (na available sa English/Spanish at Chinese/Tagalog - i-click ang link sa itaas).
  - [Pamublikong abiso](#) sa iyong pasilidad para visual na maalerto ang mga consumer tungkol sa mga pag-aatas ng Ordinansa.

#### **Hakbang 6: Pag-isipang Gumamit ng Mga Reusable**

- Pag-isipang lumipat sa reusable mula sa disposable na foodware. Mababawasan ng mga reusable ang mga basura at makakatipid ka kalaunan! Makakakita sa Gabay sa Pagbili ng halimbawang [reusable na foodware](#) na puwede mong pag-isipang gamitin. Matutulunga ka ng Foodware Aware Team na i-explore ang paglipat na ito at makakapagbigay sila ng pansuportang pondo (sa batayang first-come-first-served, habang may pondo).

#### **Hakbang 7: Pagbukud-bukurin ang Iyong Mga Organic at Recyclable**

- Kung naaangkop, dapat ideposito ng mga direktang consumer ang kanilang mga disposable na foodware sa mga naaangkop na bin ng mga organic o recyclable. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na hauler ng basura kung kailangan mong magdagdag ng serbisyo sa pangongolekta ng mga organic at/o recyclable (na iniaatas ng mga batas ng Estado).

#### **Hakbang 8: Humingi ng Tulong**

- Makipag-ugnayan sa Foodware Aware Team ng County sa anumang punto ng proseso para masagot ang iyong mga tanong at makatanggap ng tulong. Email: [foodware@smcgov.org](mailto:foodware@smcgov.org). Telepono: 888-442-2666